



### **Pinahabang mga oras sa City Hall ng Brampton Pebrero 16 hanggang 19 Batay sa appointment lamang**

BRAMPTON, ON (Pebrero 11, 2021) – Pinahaba ng Lungsod ang mga oras nito sa City Hall sa sumusunod na mga petsa para sa mga residente at mga negosyo para magbayad sa kanilang mga buwis sa ari-arian:

- Martes, Pebrero 16, 8:30 am hanggang 6 pm
- Miyerkules, Pebrero 17, 8:30 am hanggang 6 pm
- Huwebes, Pebrero 18, 9 am hanggang 4 pm
- Biyernes, Pebrero 19, 9 am hanggang 4 pm

Para bayaran ang mga buwis sa ari-arian sa City Hall, kailangang magpa-appointment muna ang mga residente sa [website ng Lungsod ng Brampton](#). Hindi tatanggapin ang cash.

Ang mga due date ng buwis sa ari-arian ay makikita [rito](#).

Pinaalalahanan ang mga residente na sa panahong ito, ang mga appointment ay kinakailangan para sa pagbisita sa mga corporate na pasilidad ng Lungspd. Tanging ilang serbisyo lamang ang available nang personal.

Sa kapakanan ng kalusugan at kaligtasan, hinihiling ang mga residente na mag-access sa mga serbisyo online o sa pamamagitan ng ibang mga opsyon kapag pwede. May bilang ng alternatibong secure at madaling mga paraan ng pagbabayad ng mga buwis ng ari-arian:

- Pre-Authorized na Plano ng Pagbabayad sa Buwis
- Sa isang bangko o ibang pinansyal na institusyon
- Internet/telephone banking sa pamamagitan ng mga pinansyal na institusyon
- Mga tsekeng dineposito sa drop box sa City Hall

Para sa mga tanong kaugnay ng mga booking sa appointment o mga bayad sa buwis sa ari-arian, pakitawag sa 311 o mag-email sa [311@brampton.ca](mailto:311@brampton.ca) para mag-access sa 24/7 support.

-30-

#### **MGA KONTAK NG MEDIA**

Monika Duggal  
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad  
Strategic na Komunikasyon  
Lungsod ng Brampton  
905-874-3426 | [Monika.Duggal@brampton.ca](mailto:Monika.Duggal@brampton.ca)

